COMPENSATION AT PENSION EXAM, TOXIC EXPOSURE SCREENING, AT REGISTRY EXAMS

ANO ANG PAGKAKAIBA?

Sa bagong toxic exposure screening na iniaatas ng seksyon 603 ng Sergeant First Class Heath Robinson Honoring our Promise to Address Comprehensive Toxics Act of 2022 (ang PACT Act), maaaring may ilang katanungan ang mga Beterano tungkol sa kung aling mga pagsusulit at screening ang kailangan nila, kailan nila kailangan ang mga ito, at kung ano ang mga layunin ng mga pagsusulit at screening na ito. Pinaghihiwa-hiwalay ng chart na ito ang ilang pangunahing pagkakaiba:

URI NG EVALUATION	LAYUNIN	DESKRIPSYON
Pagsusulit sa Compensation at Pension (C&P)	Bahagi ng proseso ng pagpapasya sa claim upang matukoy ang koneksyon ng serbisyo at i-rate ang isang kapansanan para sa mga layunin ng compensation.	» Ang mga pagsusulit na pinangangasiwaan bilang bahagi ng proseso ng mga claim ng VBA ngunit ginagawa ng VHA o mga nakakontratang provider. » Ang enrollment sa VA care ay hindi kinakailangan upang makatanggap ng benepisyo ng VA, ngunit ang mga pagsusulit ay maaaring magbigay ng batayan para eligibility para mag-enroll sa VA care.
Toxic Exposure Screening	Tumutulong na tukuyin ang mga Beterano na may mga alalahanin sa pagkakahantad at pinapayuhan sila kung paano kumonekta sa mga benepisyo, mapagkukunan, at serbisyo. Hindi bahagi ng proseso ng claim sa mga benepisyo ng VA.	» Dapat mag-alok ang VA ng toxic exposure screening sa lahat ng naka-enroll na Beterano gaya ng iniaatas ng seksyon 603 ng PACT Act. » Uulitin ang screening kahit isang beses bawat 5 taon. » Ang mga screening ay tatagal ng 5-10 minuto. » Kung ang isang Beterano ay may mga alalahanin sa pagkakahantad, ang kawani ng VA ay magbibigay sa kanila ng karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan at magpapayo sa kanila sa mga susunod na hakbang.
Registry Evaluation	Ang nakolektang impormasyon ay ginagamit para sa pananaliksik at mga layunin ng pagpapabuti ng kalidad at hindi para sa klinikal na pangangalaga, o upang matukoy ang eligibility para sa health care o mga benepisyo.	» Ang VA ay may 6 na registry: Agent Orange, Airborne Hazards at Open Burn Pits, Depleted Uranium, Gulf War, Ionizing Radiation, at Toxic Embedded Fragment. » Ang mga pagsusuri sa health registry ng VA ay libre, boluntaryong medikal na pagsusuri para sa mga Beterano na maaaring nahantad sa ilang mga panganib sa kapaligiran sa panahon ng serbisyo militar. » Walang kinakailangan upang magkapag-enroll sa health care ng VA o tumanggap ng iba pang mga benepisyo ng VA upang makilahok sa isang registry. » Ang mga pagsusulit ay tumatagal ng humigit-kumulang 60 minuto at ginagawa ng VA o health provider ng militar. Maaaring makipag-ugnayan ang mga Beterano sa pinakamalapit na lokal na medikal na pasilidad ng VA na Environmental Health Coordinator tungkol sa pagkuha ng registry evaluation.
Million Veteran Program (MVP)	Ang nakolektang impormasyong ay ginagamit para sa pananaliksik, hindi para sa klinikal na pangangalaga o upang matukoy ang eligibility para sa health care o mga benepisyo. Walang direktang, in-person toxic exposure screening ang kasangkot.	» Gagamit ang VA ng impormasyon upang matutunan kung paano nakakaapekto sa kalusugan ang mga gene, lifestyle, at mga karanasan at pagkakahantad sa militar. » Ang mga kalahok ay nagbibigay ng pahintulot, isang sample ng dugo, at secure na access sa kanilang mga health record sa MVP. » Walang kinakailangan upang makapag-enroll sa health care ng VA para mag-enroll sa MVP. Ang paglahok ay boluntaryo. » Sumali online sa mvp.va.gov o tumawag sa 866-441-6075 para mag-schedule ng appointment.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

www.publichealth.va.gov/exposures/

www.VA.gov/PACT

VA | U.S. Department of Veterans Affairs